

### Update sa Patakaran sa Mga Ibinalik na Serbisyo sa POS 4-2024

Ibinalik ng Seksyon 4648.5 ng Welfare and Institutions Code (WIC) ang awtoridad ng regional center na pondohan ang mga serbisyo para sa social recreation, camping at nauugnay na gastusin sa pagbiyahe, mga hindi medikal na therapy, at mga serbisyong pang-edukasyon. Makikita sa Seksyon 4688.22 ng WIC ang mas detalyadong pagpapakahulugan sa programa para sa social recreation

Mabibili ang social recreation sa pamamagitan ng mga vendored na serbisyo, pag-reimburse sa magulang at uri ng serbisyong Nakatuon sa Kalahok o sa pamamagitan ng Serbisyo sa Pamamahala ng Pinansya (Financial Management Service o FMS) para sa aktibidad para sa sports o libangan na nauugnay sa kliyente kung saan nakikisalamuha siya sa iba. Sa paggamit ng programang FMS, makakalahok ang mga kliyente sa mga aktibidad na maaaring hindi vendored at mababayaran sila para sa mga pagbabayad na isinagawa para sa kliyente. Puwedeng humiling ang mga kliyente ng pag-reimburse ng mga aktibidad para sa social recreation sa pamamagitan ng mga model sa pag-reimburse sa magulang, gaya ng tinukoy ng proseso ng team sa pagpapalano. Hindi lang social recreation ang puwedeng pondohan ng FMS, puwede rin nitong pondohan ang camp at mga hindi medikal na therapy.

May ilang aktibidad para sa sports at libangan na vendored ng Inland Regional Center (IRC). Sa mga sitwasyong ito kung saan vendored ang aktibidad, hindi kailangang i-reimburse ang kliyente, dahil direktang popondohan ng IRC ang programa. Puwedeng hilingin ng mga kliyente ang mga oportunidad na ito sa pamamagitan ng proseso ng team sa pagpapalano.

Ang pangkalahatang layunin ng social recreation ay palawigin ang access ng ating kliyente sa mga integrated na aktibidad sa pakikisalamuha sa iba sa kanilang iba't ibang komunidad. Kasama sa mga halimbawa ang sining, pagkanta, musika, karate, mga lesson sa paglangoy, gym, karate atbp. Hindi pinapayagan ang paglilibang gaya ng mga casino, at mga ticket sa sporting event at mga amusement/theme park.

Ang programa sa pakikisalamuha sa iba ay para sa mga kliyente na maaaring nangangailangan ng vendored facilitator para tulungan at samahan sila sa mga social recreational outing. Ang mga programa sa pakikisalamuha sa iba ay magbibigay ng in-the-moment na coaching at facilitation para isulong ang inclusion at pagpapaunlad ng kasanayan. Dapat ay mapabuti at mapaunlad ng mga aktibidad ang mga makabuluhang ugnayan sa ibang tao at oportunidad para sa integrasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga pampublikong pasilidad para sa libangan at pamamahinga. Para ito sa mga kliyente na maaaring may mga pangangailangang nauugnay sa kagawian o kasanayan sa pakikipagkapwa at mayroon itong mga component ng social training sa plano ng serbisyo para sa indibidwal. Ang Programa para sa Pagsasanay sa Pakikipagkapwa ay ginawa para magbigay sa mga consumer ng mga oportunidad para sa pakikipagkapwa at paglilibang, at pati na rin ng mga nakabalangkas na layunin sa pakikipagkapwa at kagawian.

Tutukuyin ng Team sa Pagpapalano ang mga pangangailangan at suporta para magkaroon ng access sa mga aktibidad para sa komunidad at libangan. Susuriin din ng Team sa Pagpapalano ang (mga) serbisyo taon-taon para matukoy kung kailangan ng anumang pagbabago para patuloy na matulungan ang kliyente sa pagkakaroon ng pansuportang access sa mga aktibidad para sa komunidad at libangan. Hindi sasagutin ng IRC ang gastos sa isang outing o serbisyo sa pamamagitan ng stipend o kasunduan sa paghahati ng bayad.

Maaaring bumili ang regional center ng mga aktibidad sa camp at mga nauugnay na gastusin sa pagbiyahe para suportahan ang Plano ng Programa para sa Indibidwal (Individual Program Plan o IPP). Puwedeng humiling ng IPP sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong Coordinator ng Serbisyo. Maaaring isagawa ang camp sa outdoor o natural setting, kung saan pagtutuunan ng pansin ang pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pakikipagkapwa. Kung isasagawa ang isang bahagi ng camp sa indoor setting, dapat ay integrated ang setting (halimbawa: community recreation center, YMCA, atbp.).

Itatakda ang camp bilang residential (mananatili nang magdamag ang kliyente) o day camp (uuwi araw-araw ang kliyente). Bibilhin ng Regional Center ang camp gaya ng tinukoy sa IPP. Papayagan sa pamamagitan ng FMS ang mga gastusin sa paghahatid at pagsundo ng kapamilya sa kliyente papunta sa at pauwi mula sa camp site, gaya ng tinukoy ng team sa pagpapalano.

Maaaring bumili ang regional center ng mga hindi medikal at specialized na recreational na therapy at pagsasanay para sa mga kliyente at kanilang mga pamilya para suportahan ang Plano ng Programa para sa Indibidwal (IPP). Dapat ay idinisenyo ang mga programa para mapabuti at mapaunlad ang kasanayan ng kliyente sa pakikisalamuha sa iba at pakikipagkapwa. Kung vendor ang programa, dapat itong magpanatili ng updated na kredensyal o kung kinakailangan, dapat ay lisensyado itong magsagawa ng iniaalok na therapy (tinutukoy bilang Specialized Recreational Therapy, Service Code 106, California Code of Regulations, Title 17). Kung ang provider ay hindi vendored sa regional center, puwedeng gumamit ng Serbisyo sa Pamamahala ng Pinansya (FMS) para bayaran ang serbisyo.

Dapat ay ibigay ng mga vendor at/o mga provider na hindi vendored ang serbisyo sa integrated community setting hangga't maaari. Puwedeng kabilang sa mga halimbawa ng mga hindi medikal na therapy ang, pero hindi limitado sa, pagsayaw at equestrian therapy.

Ang Mga Serbisyong Pang-edukasyon para sa mga batang tatlo hanggang 17 taong gulang ay maaaring pondohan kapag natukoy sa IPP na kinakailangan ito at natutugunan ang mga sumusunod na kundisyon:

1. Hindi available ang serbisyo sa pamamagitan ng sistemang pang-edukasyon at/o distrito ng paaralan.
2. Nagamit na ang lahat ng generic na resource.

Maaaring makuha ang Pagtataguyod para sa Edukasyon kapag sinubukan ng Coordinator ng Mga Serbisyo sa Consumer (Consumer Services Coordinator o CSC) na resolbahin ang anumang karaingan at/o dispute sa Distrito ng Paaralan ng consumer bilang pagsuporta sa mga magulang sa pagtataguyod sa pamamagitan ng proseso ng Planong Pang-edukasyon para sa Indibidwal (Individual Education Plan o IEP). Ang layunin ng serbisyong ito ay magbigay sa consumer ng mas mainam na pagtataguyod sa interbensyon at/o pag-aapela.

Puwede ring magbigay ng mga serbisyong pang-edukasyon para tulungan ang consumer sa mga pangangailangan sa pagtuturo ng tutor at puwedeng ibigay ang mga ito sa bahay ng pamilya nang harapan o sa pamamagitan ng remote platform. Ang layunin ng pagtuturo ng tutor ay tiyaking mapapamahalaan ng consumer ang mga pangangailangan niya sa pag-aaral at ibinibigay ito sa wikang kinakailangan niya.

Ang mga eksepsyon na gagawin sa lahat ng pagbili ng serbisyo ay dapat tukuyin ng Interdisciplinary Team at idokumento sa Plano ng Programa para sa Indibidwal ng kliyente. Kung mayroong anumang hindi pagkakasundo tungkol sa mga serbisyo na hindi maresolba ng team sa pagpapalano, magbibigay ng nakasulat na abiso tungkol sa mga karapatan sa patas na pagdinig. (*WIC* §§ 4646(i) at 4710.5(a)).

